Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 15, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 141-T'07

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 74-T'2007/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T'2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO NORTE NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG ISANG DAAN DALAWAMPUNG LIBO, TATLONGDAAN APATNAPU'T LIMANG PISO (P120,345.00).

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 74-T'2007/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T'2007 ng Sang. Brgy. ng San Pablo Norte na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P120,345.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing halaga na ilalaan para sa 20% pondong pangkaunlaran (P24,069.00); 10% para sa Sang. Kabataan (P12,034.50); 5% para sa Calamity fund (P6,017.25); Election Reserve (P5,000.00); Tanod Allowance (P61,600.00); Barangay Record Keeper (P10,000.00); Supplies (P1,600.00) at Balanseng walang pinaglalaanan (P24.25) ay magmumula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) para sa taong kasalukuyan na nagkakahalaga ng P120,345.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. San Pablo Norte ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ramon D. Tan at Romulo A. Elca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 74-T'2007/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T'2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P120,345.00.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan